

○ Ano ang premium ng National Health Insurance?

1. Sistema ng National Health Insurance Premium

Sa bawat munisipalidad, ang kabuuang halaga ng premium ng National Health Insurance ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagbabawas ng mga subsidy ng pamahalaan at bahagi ng gastusin sa ospital, mula sa inaasahang gastusin pagpapagamot para sa piskal na taong iyon. Ito ay nahahati sa sumusunod na tatlong atytem, na pinagsama upang matukoy ang halaga ng premium ng National Health Insurance para sa bawat sambahayan.

Per Income Basis	Magkuwenta batay sa halaga ng kita ng sambahayan
Per Capita Basis	Magkuwenta batay sa dami ng bilang ng taong nakaseguro sa sambahayan
Household average Basis	Magkuwenta batay sa average ng sambahayan

2. Mga paalala kapag magbabayad ng premium ng National Health Insurance

- Ang premium ng National Health Insurance ay kinakalkula bawat piskal na taon. Ang magbabayad ng premium ng National Health Insurance ay ang pinuno ng sambahayan. (Kahit na ang pinuno ng sambahayan ay kasapi sa health insurance ng pinagtatrabahuhan, kung may miyembro ng pamilya na kasapi sa National Health Insurance, sa prinsipyo, ang pinuno ng sambahayan ang magbabayad ng premium ng kasapi na iyon)
- Kahit na mahuli ka sa pagsusumite ng iyong aplikasyon para sa pagsapi sa National Health Insurance, magbabayad ka ng premium ng National Health Insurance pabalik magmula sa buwan kung kalian ka naging kwalipikado para sa National Health Insurance.
- Kung sumali ka sa National Health Insurance sa kalagitnaan ng piskal na taon, magbabayad ka ng premium ng National Health Insurance mula sa buwan ng iyong pagsali.
- Kung huminto ka sa National Health Insurance sa kalagitnaan ng piskal na taon, magbabayad ka ng premium ng National Health Insurance hanggang sa buwan bago ka huminto.

3. Paraan ng pagbabayad ng premium ng National Health Insurance

Mayroong dalawang paraan ng pagbabayad ng premium. Isa ay tinatawag na “FUTSU CHOSHU” o regular na paraan sa pamamagitan ng automatic money transfer o tax payment notice. Ang iba naman ay tinatawag na “TOKUBETSU CHOSHU” o espesyal na paraan sa pamamagitan ng pensyon. Ang mga taong sumasangayon sa mga susunod na kondisyon ay maaring magbayad sa pamamagitan ng espesyal na paraan o pensyon:

- ① Mga tumatanggap ng pensyon na ang halaga ay mahigit pang 180,000 yen kada taon
- ② Kapag lahat ng kasapi sa seguro sa sambahayan ay 65 taong gulang pataas, at ang pinuno ay kasapi rin at tumatanggap ng pensyon
- ③ Mga nagbabayad ng premium ng Long Term Care Insurance sa pamamagitan ng espesyal na paraan
- ④ Mga taong ang kabuuang halaga ng Long Term Care Insurance at National Health Insurance ay mas mababa kaysa sa kalahating halaga ng benepisyo ng pensyon.

☆ Mas madaling gumamit ng “bank transfer” para sa pagbabayad ng premium ng National Health Insurance dahil maiiwasan nito na makalimutang magbayad. Para sa mga proseso, mangyaring makipag-ugnayan sa mga accredited na institusyong pampinansyal sa iyong munisipalidad.

4. Kapag hindi mababayaran ang premium ng National Health Insurance

Isagawa ang mga sumusunod na hakbang kung hindi mo mababayaran ang premium ng National Health Insurance nang walang espesyal na dahilan: Tiyaking magbayad ng premium ng National Health Insurance sa loob ng takdang petsa ng pagbabayad.

- (1) Kapag lumagpas na sa takdang araw ng pagbabayad, makakatanggap ka ng sulat para sa abiso ng pagbabayad.
- (2) Kung ikaw ay hindi nagbabayad nang isang taong mahigit na at tumanggap ng medikal na pagpapagamot sa institusyong medikal, kinakailangan mong bayaran ang buong halaga (100%) ng mga gastusin sa pagpapagamot at pagkatapos ay mag-aplay sa tanggapan ng National Health Insurance na iyong sinalihan para makatanggap ng refund para sa bahagi ng benepisyo ng insurance. Gayundin, kung mayroong Long Term Care Insurance type 2, maaaring malimitahan din ang mga benepisyo ng Long Term Care Insurance.
- (3) Kapag umabot ng isang taon at anim na buwan ang panahon na hindi nakapagbayad, ang buo o bahagi ng benepisyo ng NHI ay mahihinto.
- (4) Kapag patuloy pa din na hindi makapagbayad ng premium ng higit pa sa isa't kalahating taon, ikakaltas ang halagang hindi nabayaran mula sa benepisyo.
※ May posibilidad na maaring makumpiska ang mga pinanghahawakang ari-arian bilang kabayaran.

5. Kung hindi nakakaintindi ng wikang Hapon

May posibilidad na hindi ka maiintidihan at maseserbisyon sa munisipyo. Hanggat maari ay magpasama sa taong nakakaintindi ng wikang Hapon kapag pupunta sa munisipyo para sa konsultasyon at aplikasyon.

Tiyaking magbayad ng premium ng National Health Insurance sa loob ng takdang petsa ng pagbabayad!

